Tahan/an:Kung saan ang puso ay payapa

Ni: LEAL

Paglisan

Humihinahon ang kaluluwa
Sa espasyo kung nasaan ang puso
Ngunit sa kinatatayuan nito
Naroon ang takot
Takot ang nadarama
Sa mga sasabihin nilang, wala pa
Ngunit ayokong marinig,masakit
Nakakatakot, nakakatakot na baka ako
Ako ang magpahinto sa tawa, halakhak
Ligaya na mayroon ang pamilya, ang pamilya ko
Dahil sa barado,komplikado, sarado
Sarado, Ang kanilang isip sa sitwasyong kinalalagyan ko
Sa makulay na mundong pinasok ko
Nang walang pag-aalinlangan
Na nagbigay sa akin ng pagkakataon
Nagturo sa akin na pwede
Pwede ka palang magpakatotoo
Na pwede kang maging masaya
Ngunit, paano?
May haplos,yakap o halik
Na sa akin ba ay sasalubong?
Kung sabihin kong ako ay ganito
Mabigat, lalong bumigat
Dahil sa kumakalat na sakit na mas una pa sa akin na magparamdam
Patuloy ako ngayong tumatakbo sa isip ko
Upang tumakas, takasan ang lahat ng ito- ang mundo
Ngunit paano, wala akong natatanaw
wala akong matakbuhan,
dahil nakakulong ako
Nakakulong ako
Sa kwadradong silid na ito

Go-off

The soul calms down
In the space where the heart is
But in its standpoint
There is fear
Fear is felt
Of what they will say, nothing yet
But I don’t want to hear, it might hurt
Scary, scary I might be
They might stop laughing, giggling
Happiness in the family, my family
In this complicated situation I am in
In the colorful world that I belong
Without any hesitations
A world that shows me to be true
And to be happy
But, how?
Will they still accept me even if I tell them that I am like this?
Heavy heart
Heavier as it is
With the disease that is spreading all over the country
I keep running now in my mind
To escape, escape it all- the world
But how, I can’t see anything
I don’t know where to run
Because I was confined
Confined in this closed room

Pagkabilanggo

Nakakulong ako sa kwadradong silid na ito
apat na sulok lang ang ginagalawan ko
masikip, maraming kahati, maraming nakakarinig
nakakarinig sa bawat hikbi ko
nakakarinig sa mga bumabagabag sa isipan ko
dalawang bintana
pasukan ng hangin ,labasan ng hangin
dalawang bintana na may mga matang nagmamatyag
binabantayan ang bawat galaw ko
binabantayan kung sinong mga kausap ko
isang pinto
isang pinto na puno ng kalmot
pinto na dapat bukas sa mga taong papasok at lalabas dito
pero bakit parang may pader na nakaharang
nakaharang para hindi ako makalaya
isang kwarto
isang kwarto na nagsisilbing tulugan, kainan at tambayan
hindi ko alam kung hanggang kailan
Kung hanggang kailan ako nakakulong dito
gusto ko ng lumaya
lumaya sa bigat na aking nararamdaman
lumaya sa sakit na kinakaharap ng mundo
lumaya sa takot na binibigay ng mga tao
Lumaya sa mga panghuhusga
lumaya sa sarili kong multo

Imprisonment

I am confined to this square room
Four corners of this room
Tight, companions, hears
Can hears my every sob
Listening to the disturbances on my mind
Two windows
Air inlet, air outlet
Two windows with surveillance eyes
Monitoring my movements
Monitoring who I talked to
One door
A door full of scratches
Door that should be open for people
But why does it seem like there is a wall blocking
Blocking my way to be free
One room
One room used for sleeping, eating
I don’t know until when
Until when will I be confined in this room
I want to be free
Free from this heavy heart
Free from the disease we are facing
Free from the fear that I felt
Free from judgment
Free from my own ghost

Paglaya

Heto na , Kalmado na
Tahimik ang paligid
Walang umuusyoso
Bukas na ang pinto
Walang mapagsildan ng saya
Hindi mabilang ang bawat hakbang
hakbang palabas ng pintong ilang taong nakakandado
Hindi magkamayaw kung saan patungo ang mga paa'ng matagal nang hindi nakakalabas
Ito na
Ito na ang oras
Oras na matagal ko nang hinihintay
Oras na hindi ko inakalang darating pa
Ngiti sa mga labi ay hindi mapigilan
Parang damdamin ng isang presong bagong laya sa kulungan
Malaya na
Malaya na sa mga panghuhusga
Malaya na sa takot na nadarama
Malaya na sa sakit na ilang taon na sa bansa
Malaya na ako
Malaya na ang dalagang matagal ng nagtatago
Malaya na mula sa sarili kong multo
Hindi na iniinda ang sasabihin ng iba
Sariling pagtanggap pala ang sagot
Hindi paglisan at pagtatago
Handa na ako
Handa na akong ipakita sa mundo
Handa na akong lumabas kasama ang mga taong tanggap ako at mga taong sasamahan ako
Sasamahan ako sa landas na pinili ko
Sasamahan ako sa makulay kong mundo

Deliverance

Here it is, Calm down
The surroundings are quiet
No one is curious
The door is open
There is no denying
Every step is innumerable
Step out of the door several years locked
Don’t even know where to go
This is it
The time I’ve been waiting for
Time I never thought would come
Smile on the lips is unstoppable
It was like the feelings of a prisoner newly released from prison
I am free
Free from judgment
Free from the fear that I felt
Free from the disease spreading in the country
The girl who has been hiding for a long time is free
Free from my own ghost
It doesn't matter what others say
The answer is self –acceptance
Not leaving or hiding
I am ready
Ready to face the world
I am ready to go out with people who accept me and people who will accompany me
Accompany me in the path that I choose
Accompany me in this colorful world